
5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 7: Pagpapapahayag ng Katotohanan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 7: Pagpapahayag ng Katotohanan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Maria Fe P. Alas, Jeremiah G. Miralles
**Editor:** Carida P. Bagino, Shiela Adona, Teodorico C. Peliño Jr.
**Tagasuri:** Juliet L. Lim, Gretel Laura M. Cadiong, David C. Alcober, Lita V. Jongco, Colin D. Tupaz
**Tagaguhit:** Crisanto Lopera, Jingerlou D. Inot
**Tagalapat:** Gualberto R. Gualberto Jr.
**Language Editor:** Farrah Rudas-Delfin
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Amenia C. Aspa
Mariza S. Magan
Edgar Y. Tenasas
Mark Chester Anthony G. Tamayo
Gretel Laura M. Cadiong
Ranulfo L. Baay
Juliet L. Lim

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region No. VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 - 323 - 3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 7: Pagpapapahayag ng Katotohanan

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 5** ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul para sa aralin **Pagpapahayag ng Katotohanan.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Edukasyon sa Pagpapakatao 5 ng A*lternative Delivery Mode* (ADM) Modyul ukol sa Katapatan sa Sariling Opinyon.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Palagi ka bang nagsasabi ng totoo? Ano ang pakiramdam mo tuwing nagsasabi ka ng totoo? Kapag masakit sa iyong kalooban dapat bang hindi na ituloy ang pagsasabi ng totoo? Bakit? Ang katapatan ay ang pagiging totoo o matuwid ng isang tao na kung saan siya ay hindi nandaraya o nagsisinungaling. Ito rin ay susi upang mabigyan ng solusyon ang isang problema at maitama ang maling nagawa.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakapagpapahayag ng katotohanan kahit masakit sa kalooban gaya ng pagkuha ng pag-aari ng iba, pangongopya sa oras ng pagsusulit, pagsisinungaling sa sinumang miyembro ng pamilya, at iba pa;
- Nakatutugon ng maluwag sa kalooban sa mga pinaniniwalaang pahayag; at
- Naipapakita ang katatagan ng kalooban sa pagsasabi ng katotohanan.

## *Subukin*

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Isulat ang **Oo** kung handa kang magpahayag ng katotohanan kahit na may nakaambang panganib para sa iyo at **Hindi** kung ayaw mong ipagtapat ito. Gawin ito sa sagutang papel.


1. Kasali ka sa *Top Ten* sa inyong klase. Gusto mong magtapat sa iyong guro na ang ulat na iyong ibinigay sa kaniya ay kinopya mo lamang sa *internet.*
2. Ipagtapat sa iyong mga magulang ang rason kung bakit ipinatawag ka ng punong guro dahil sa pandaraya sa pagsusulit.
3. Nakita mo ang iyong kaibigan na hindi sinasadyang nabasag ang plorera ng inyong guro.
4. Nakita mo nang sadyang itinulak ng matalik mong kaibigan ang isa ninyong kamag-aral kaya ito natumba sa pasilyo.
5. Nakita mong nangongopya sa pagsusulit ang iyong katabi.
6. Itago ang *cellphone* na naiwan ng kaklase mo sa upuan.
7. Isumbong sa magulang ang kapatid mong naninigarilyo sa kanto.
8. Ibigay sa guro ang napulot mong pera sa loob ng klasrum.
9. Kunin ang bolpen ng iyong kamag-aral ng hindi nagpapaalam.
10. Ilihim sa iyong mga magulang na hindi ka pumasa sa pagsusulit.

# Aralin 1 Pagpapahayag ng Katotohanan

Ang pagsasabi ng tapat ay pagsasama ng maluwat. Tandaan na ang katapatan ay susi sa katatagan sa sarili at mahusay na pakikipagkapuwa-tao. Ang pagiging tapat ay pagiging matuwid. Ito ang daan upang madaling malunasan ang suliraning hinaharap.

## *Balikan*

Piliin sa bawat puso ang mga gawaing may kaugnayan sa katapatan. Sipiin at kulayan ito ng pula sa inyong sagutang papel.



# *Tuklasin*

Naniniwala ka ba sa kasabihang *“Honesty is the best policy?”* May kabutihang dulot kaya ang pagiging matapat sa lahat ng pagkakataon?

Sa iyong palagay, paano ang tamang pagsasabuhay ng katapatan?

Basahin at unawain ang tula. Alamin kung ano ang magandang dulot sa buhay ng isang batang hindi nagsisinungaling.

## Ang Batang Hindi Nagsisinungaling

(Malayang salin ni RG Alcantara mula sa tulang Ingles na *The Boy Who Never Told a Lie* ni Isaac Watts)

Minsan may isang batang lalaki,
Kulot ang buhok at may mga matang masaya palagi,
Isang batang palaging nagsasabi ng totoo,
At hindi kailanman nagsinungaling.
Kapag umalis na siya ng paaralan,
Magsasabi na ang lahat ng kabataan,
“Ayun pauwi na ang batang may kulot na buhok,
Ang batang hindi kailanman nagsinungaling.”
Kaya nga ba mahal siya ng lahat
Dahil lagi siyang matapat.
Sa araw-araw, at habang lumalaki siya,
May lagi nang nagsasabi, “Ayun na ang matapat na bata.”
At kapag nagtanong ang mga tao sa paligid
Kung ano ang dahilan at kung bakit,
Palaging ganito ang sagot,
“Dahil hindi siya kailanman nagsinungaling.”

## *Suriin*

Talakayin ang tula:

1. Tungkol saan ang tula?
2. Ilarawan ang batang lalaki sa tula?
3. Katulad ka rin ba ng bata sa tula?
4. Paano mo isinasabuhay ang pagmamahal mo sa katotohanan?
5. Sa anong mga pagkakataon mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa katotohanan? Sumulat sa sagutang papel ng ilang halimbawa.

Ang katapatan ay isang katangian ng pagiging makatwiran at matuwid ang asal at pananalita. Pagsasabi ito ng totoo at pagsunod sa tama. Ang pagiging matapat ay dapat ipakita sa lahat ng pagkakataon sa loob o sa labas man ng paaralan.

## *Pagyamanin*

A. Isulat ang tsek **(✓)** kung ang pangungusap ay naglalahad ng wastong kaisipan at ekis **(✕)** naman kung hindi. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Ikaw ay may proyekto na dapat bayaran sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan. Agad mo itong sinabi sa iyong Nanay pati ang eksaktong halaga ng naturang proyekto.

2. Nakalimutan ni Noli na gawin ang kaniyang takdang aralin. Nang tawagin siya ng kaniyang guro, sinabi niyang naiwan ito sa kanilang bahay.

3. Si Ana ay tumakbo sa pagkapangulo sa *Supreme Pupil Government* ng kanyang paaralan. Sa araw ng halalan ay may nakita siyang nakakalat na balota na gagamitin sa botohan. Kaagad niyang ibinalik ang mga ito sa gurong taga-pangasiwa.

4. Si Mang Aldo ay nangungupit ng mga kagamitan mula sa opisina na kaniyang pinagtatrabahuan at agad niya itong ibinebenta sa labas sa mas mababang halaga.

5. May malasakit sa mga gawain sa pabrika si Ruby, nakatingin man o hindi ang kaniyang amo sa oras ng trabaho.

B. Sa sagutang papel, lagyan ng kaukulang tsek (✓) ang pinaniniwalaang pahayag.

| MGA PAHAYAG | TAMA | MALI |
|---|---|---|
| 1. Sinasabi ang katotohanan kahit na maparusahan. | | |
| 2. Magsabi ng katotohanan kahit maraming magagalit. | | |
| 3. Ang lakas ng aking loob at katatagan ay aking ginagamit sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga mungkahi at paalala mula sa aking kapuwa. | | |
| 4. Hindi ako nahihiyang ipakita na magaling ako sa anumang bagay kaya ayokong pinipintasan ang aking mga ginagawa. | | |
| 5. Nakauunawa ako na kapag itinatama ng mga tao ang aking nagawang mali, mapabubuti at maipakikita ko ang aking natatanging kakayahan. | | |

## *Isaisip*

Punan ang patlang ng pangungusap sa ibaba ng pagpahayag ng katapatan bilang isang mag-aaral. Isulat ito sa isang malinis na papel.

Ang pagsasabi ng katotohanan anumang bunga nito ay nagpapakita ng katatagan ng loob upang labanan ang mga hamon sa buhay at maituwid ang mga pagkakamali.

Bilang isang mag-aaral ipakikita ko ang aking katapatan sa pamamagitan ng ______________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

dahil kinalulugdan ng Diyos ang mga taong may lakas ng loob na mahalin ang katotohanan.

## *Isagawa*

**Gawin A**. Gaano mo kadalas ginagawa ang mga gawain sa ibaba? Kopyahin sa iyong sagutang papel ang talahanayan sa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) ang kaukulang hanay.

| | ***Palagi*** | ***Madalas*** | ***Bihira*** | ***Hindi Kailanma*** |
|---|---|---|---|---|
| 1. Isinasauli ko ang sobrang sukli. | | | | |
| 2. Tamang halaga ang ibinabayad ko kapag sumasakay ako sa pampublikong sasakyan. | | | | |
| 3. Sinasabi ko ang totoong dahilan kapag nahuhuli ako sa klase. | | | | |
| 4. Nagsasabi ako ng totoo sa aking mga magulang kapag humihingi ako ng pahintulot na pumunta sa isang lugar. | | | | |
| 5. Tumatanggi akong sumali sa isang gawain kapag sa tingin ko ay hindi iyon kapakipakinabang. | | | | |

**Gawin B**. Isulat ang tsek **(✓)** kung ang pahayag ay tama at ekis **(X)** naman kung mali. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Pag-amin sa nagawang kasalanan.
2. Pasinungalingan ang mga inaakusang salaysay kahit na totoo.
3. Pagkuha ng gamit ng iba.
4. Pagsauli sa napulot na pera.
5. Pagsabi ng katotohanan.

## Tayahin

Sabihin kung sumasang-ayon ka o hindi sa mga pahayag sa ibaba. Isulat ang **Oo** o **Hindi** sa sagutang papel.

1. Dapat aminin ang pagkakamali kahit alam mo na pagtatawanan ka ng ibang tao.
2. Hindi dapat isinasauli ang bagay na hiniram mo.
3. Tama lang na angkinin ang papuri sa isang proyektong mahusay na ginawa ng iba.
4. Dapat na isauli sa *"Lost and Found"* ang bagay na napulot mo.
5. Dapat na maghintay muna ng pabuya bago isauli ang isang mahalagang bagay na napulot mo.
6. Hindi dapat inililihim sa mga magulang ang problemang kinakaharap.
7. Dapat mag-aral ng mabuti bago dumating ang araw ng pagsusulit.
8. Hindi tama na itago ang *cellphone* na napulot sa palaruan ng paaralan.
9. Dapat isangguni sa guro ang hindi ninyo pagkakaunawaan ng iyong kamag-aral.
10. Hindi tama ang mangopya sa iyong katabi sa oras ng pagsusulit.

## Karagdagang Gawain

Sumulat ng isang talata na nagpapakita ng katapatan sa iyong kaibigan o kamag-aral o pamilya. Gawin ito sa *short bond paper.*

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. Oo
2. Oo
3. Oo
4. Oo
5. Oo

**Balikan**

1. Magandang asal
2. Pagtupad sa Gawain
3. Pagtulong
4. Pagsunod sa utos
5. Pagsasabi ng totoo

**Suriin**

1. Batang Matapat
2. Dahil siya ay matapat
3. Oo
4. Magsasabi ng totoo kahit anuman ang bunga nito
5. Maaaring magkaiba-iba ang sagot

**Pagyamanin**

A.
1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Tama

B.
1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama

**Isaisip**

Maaring magkaiba-iba ang sagot ng mga bata

**Isagawa**

A. Maaring magkaiba-iba ang sagot

B.
1. ✓
2. ✕
3. ✕
4. ✓
5. ✓

**Tayahin**

1. Oo
2. Hindi
3. Hindi
4. Oo
5. Hindi

## *Sanggunian*


Burt, Mary E. 1904. *Poems That Every Child Should Know.* New York: Doubleday Page & Co.

Department of Education. n.d. *Edukasyon sa Pagpapahalaga 5: Contextualized Learning Resources.* Philippines: Department of Education.

Department of Education. 2016. *K to 12 Curriculum Guide in Edukasyon sa Pagpapakatao: Grade 5.* Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Regional Test Item Bank in Edukasyon sa Pagpapakatao 5.* Philippines: Department of Education.

Ylarde, Zenaida R, and Gloria A Peralta. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon.* Quezon City: Vibal Group Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph